



NANOS

Patient Brochure

Panunuyo ng Mata

Copyright © 2015. North American Neuro-Ophthalmology Society. All rights reserved. These brochures are produced and made available "as is" without warranty and for informational and educational purposes only and do not constitute, and should not be used as a substitute for, medical advice, diagnosis, or treatment. Patients and other members of the general public should always seek the advice of a physician or other qualified healthcare professional regarding personal health or medical conditions.

Panunuyo ng Mata

Ang luha ay gawa sa tubig at chemical na nananalaga sa mata. Nagsisilbi din itong pampalinaw ng paningin sa pamamagitan ng pag pokus ng ilaw sa mata. Ang mga taong may problema sa luha o sa kumposisyon ng luha ay sinasabing may “Dry Eye” ngunit maaaring hindi panunuyo ng mata ang nararamdaman ng pasyente. Ilan sa mga symtomas ay pangangati, paghapdi, parang may buhangin sa mata, o pasulpot-sulpot na panlalabo ng mata.

Ang luha ay hindi lamang gawa sa maalat na tubig, meron itong tatlong layer, ang sebo, ang maalat na tubig, at ang langis. Kinakailangan ang tatlong sangkap na ito upang maging mabisa ang luha.

Sintomas ng Panunuyo ng mata (Dry Eye)

1. Panunuyo ng mata
2. Pangangati
3. Paghilab
4. Parang na puwing
5. Parang may buhangin sa mata
6. Paglabo ng mata
7. Pag doble ng patingin

Mga Sanhi ng panunuyo ng mata

1. Mainit na klima, mababang halumigmig, alikabok, usok, polusyon
2. Menopause dahil sa pagbaba ng estrogen
3. Gamut na tulad ng Benadryl at mga anti-depressants
4. Pagkurap. Ang mga taong lagging nakaharap sa computer ay mas kaunti ang pagkurap, at dahil dito ay mas mataas ang tsansang magkaroon ng Dry Eye

Gamot sa Dry Eye

Artipisyal na luha- ito ay nabibili sa botika at iniriseta ng doktor. Tinutulungan nito ang mata sa pamamagitan ng pagpunan sa pagkukulang ng luha sa mata. May ilang brand na mas malapot at minsan mainam ito dahil mas tumatagal ito sa mata. Kapag kailangan ng madalas na pagpatak, mayroon ding artipisyal na luha na walang preserbatibo.

Pamahid – may pormulasyon ng artipisyal na luha na ginawang pamahid. Ito ay kadalasang ginagamit bago matulog sa gabi.

Antibiotic- ang antibiotic na doxycycline ay nakakatulong sa mga pasyenteng may acne. Nakakatulong ito sa pag stabila ng luha. Maaaring i-reseta ito ng doktor kahit na wala kang impeksyon.

Surgery- kinakailangan lamang ang surgery sa mga pasyenteng may lamat o pekrat ang talukap ng pata na hirap ng isara.

Mga Kadalasang Katanungan

Paano ako magkakaroon ng Dry Eye kung luha ako ng luha?

Ang pagluluha ay maaaring sintomas ng panunuyo ng mata. Dahil sa panunuyo, nagkakaroon ng iritasyon ang mata. Magluluha ang mata para tugunan ang problemang ito.

Nagpapatak ako ng artipisyal na luha, pero parang hindi ito nakatutulong?.

Ito ay depende sa lala ng panunuyo ng mata. Kinakailangan kumunsulta sa doktor upang mabigyan ng wastong gamut. Kinakailangan ring ipatak ang artipisyal na luha ng makailang beses sa isang araw at ng regular.